



Kabanata 4: Pagtatrabaho sa Hong Kong

Tulong mula sa Labour Department

Mga karapatan at benepisyo ng pagtatrabaho

Kung may mga problema ka tungkol sa mga karapatan at benepisyo sa pagtatrabaho, maaari kang humingi ng tulong mula sa Labour Relations Division ng Labour Department. Maaari silang magbigay ng:

- impormasyon sa iyong mga karapatan at obligasyon sa ilalim ng Employment Ordinance, ng Minimum Wage Ordinance (kung naangkop) at ng kontrata sa pagtatrabaho;
- libheng serbisyong pagkonsulta;
- libheng serbisyo upang kayo at ang inyong employer ay magkasundo upang makatulong sa pagresolba ng mga alitan.

Ang mga opisina ng Labour Relations Division ay matatagpuan sa mga sumusunod na address:

HONG KONG ISLAND

Hong Kong East Office 12/F, CityPlaza Three 14 Taikoo Wan Road Taikoo Shing Hong Kong	Hong Kong West Office 3/F, Western Magistracy Building 2A Pokfulam Road, Sai Ying Pun Hong Kong
---	--

KOWLOON

Kowloon East Office UGF, Trade and Industry Tower 3 Concorde Road, Kowloon	Kowloon West Office Room 1009, 10/F Cheung Sha Wan Government Offices 303 Cheung Sha Wan Road Sham Shui Po, Kowloon
--	---

Kowloon South Office 2/F, Mong Kok Government Offices 30 Luen Wan Street Mong Kok, Kowloon	Kwun Tong Office 6/F, Kowloon East Government Offices 12 Lei Yue Mun Road Kwun Tong, Kowloon
--	--

NEW TERRITORIES

Tsuen Wan Office 5/F, Tsuen Wan Government Offices 38 Sai Lau Kok Road Tsuen Wan, NT	Kwai Chung Office 6/F, Kwai Hing Government Offices 166-174 Hing Fong Road Kwai Chung, NT
Shatin & Tai Po Office Rooms 304-313, 3/F Sha Tin Government Offices 1 Sheung Wo Che Road Sha Tin, NT	Tuen Mun Office Unit 2, East Wing, 22/F Tuen Mun Central Square 22 Hoi Wing Road, Tuen Mun, NT

Kung ang inyong employer ay pinaghihinalang lumabag sa Ordinansa sa Pag-eempleyo o sa Ordinansa sa Minimum na Sahod (saan man naaangkop) at kayo ay sumang-ayon na magbibigay ng mga ebidensiya ng paglabag na ang nilalayon ay makapagsampa ng isang prosekusyong kriminal, tuturuan kayo ng Labour Relations Division kung paano ihahain ang inyong reklamo sa mga kinaaukulang dibisyon ng Departamento para sa imbestigasyon.

Kung may mga pangkalahatang katanungan ka tungkol sa batas sa pagtatrabaho o sa trabaho ng Labour Department, tumawag sa 2717-1771 (ang hotline ay pinangangasiwaan ng 1823) upang makinig sa mga naka-record nang mensahe, makatanggap ng impormasyon gamit ang fax, at makipag-usap sa isang operator 24 oras araw-araw, o mag-email: enquiry@labour.gov.hk.

Mayroon bang anumang Statutory Minimum Wage?

Ang antas ng Statutory Minimum Wage (SMW) o Minimum na Sahod Ayon sa Batas ay itinaas na sa \$34.5 isang oras at nagkabisa mula pa noong 1 Mayo 2017. Ang mga sahod na dapat ibayad sa mga empleyado na sakop ng Ordinansa sa Minimum na Sahod, nang may pagsasaalang-alang sa anumang panahon ng pagpapasahod, kapag kinuha ang kainaman ng kabuuang bilang ng mga oras na nagtrabaho sa panahon ng pagpapasahod, ay kailangang hindi na bababa pa sa antas ng SMW.

Ano ang mga magiging karapat-dapat para sa akin kung ang aking kontrata sa pagka-empleyo ay tinapos?

Kapag natapos mo o na-terminate ang iyong kontrata, dapat na makukuha mo ang lahat ng suweldo at iba pang halagang dapat bayaran sa iyo sa loob ng pitong araw mula sa petsa ng pagtatapos o termination. Dapat kasama sa halaga ang:

- anumang mga hindi pa nababayang suweldo;
- bayad kapalit ng anumang taunang bakasyong hindi ginamit;
- kabayaran para sa pagkatanggal o kabayaran para sa mahabang panahong serbisyo (kung angkop);
- anumang iba pang halaga na dapat bayaran sa iyo alinsunod sa mga probisyon ng mga batas sa pagtatrabaho at ng kontrata sa pagtatrabaho.

Kung kayo ay tinanggal, bukod pa sa mga bagay-bagay na binanggit sa itaas at ayon sa mga pangyayaring may kaugnayan sa pagtatanggal, maaari rin kayong maging karapat-dapat na bayadan kung isasaalang-alang ang pabatid kung ang inyong employer ay walang ibinigay na pabatid o kung kulang ang pagpapatid.

Kung ang hinihingi ninyo ay kabayaran para sa pagkatanggal, kailangang magsumite kayo ng isang pabatid sa inyong employer. Kung karapat-dapat kayo sa naturang halaga, pananagutan ng employer na bayadan kayo nang hindi na lalampas pa sa dalawang buwan mula sa petsa ng pagkatanggap ng inyong pabatid ukol sa naturang kabayaran para sa pagtatanggal.

Maroon ba akong anumang proteksyon laban sa pag-terminate na labag sa batas?

Ang Ordinansa sa Pagka-empleyo at ang Ordinansa sa Suweldo ng mga Empleyado ay malinaw na nagsasaad ng mga partikular na restriksyon ayon sa batas kaugnay ng pagtatapos ng kontrata sa pagka-empleyo. Sasailalim sa iba pang mga may kabuluhang pahayag sa mga kinauukulang Ordinansa, labag sa batas na ang isang empleyado ay tanggalin sa mga sumusunod na kaganapan:

- Pagkatapos magbigay ng pregnancy notice ang buntis na empleyado;
- Habang ang empleyado ay nasa may-bayad na sick leave;
- Sa kadahilanan na ang empleyado ay nagbigay ng ebidensiya sa anumang pagdinig o impormasyon sa mga awtoridad kaugnay ng pagpapatupad ng Ordinansa sa Pagka-empleyo, mga aksidente sa trabaho o paglabag sa mga batas ukol sa kaligtasan sa trabaho;

- Sa kadahilanan nang pagiging miyembro ng trade union o pagsali sa trade union;
- Para sa empleyadong napinsala habang nasa trabaho, bago ang paglalabas ng angkop na sertipiko ng Labour Department o ng Employees' Compensation Assessment Board, ayon sa naaangkop, o naisaayos na sa empleyado ang reklamo sa pasuweldo..

Bayad para sa mga pinsala habang nasa trabaho

Ang Employees' Compensation Division ng Labour Department ay:

- tumutulong sa mga empleyadong nakaranas ng pinsala dahil sa trabaho o ng isang napatunayang sakit na nakuha sa pagtatrabaho upang makakuha ng bayad sa ilalim ng Employees' Compensation Ordinance; at
- tumutulong sa mga miyembro ng pamilya ng isang empleyadong namatay bilang resulta ng isang aksidente sa trabaho o ng isang napatunayang sakit na nakuha sa pagtatrabaho upang makakuha ng bayad sa ilalim ng Employees' Compensation Ordinance.

Nasa ibaba ang mga address ng mga Employees' Compensation Division Office:

Opisina (Mga kaso ng aksidente sa trabaho: ayon sa lugar ng aksidente / Mga kasong pagkakaroon ng sakit dahil sa trabaho na may patunay ng doktor: ayon sa lugar ng trabaho)	Address
Hong Kong Office (para sa mga kaso sa Hong Kong island, mga outlying island at sa labas ng Hong Kong)	Room 1605, 16/F, Southorn Centre 130 Hennessy Road, Wan Chai Hong Kong
Kowloon Office (para sa mga kaso sa Kowloon, Sai Kung at mga kaso na sangkot ang mga seaman at mga empleyado ng pamahalaan)	Room 1007, 10/F, Cheung Sha Wan Government Offices 303 Cheung Sha Wan Road Sham Shui Po, Kowloon
Tsuen Wan Office (para sa mga kaso sa Kwai Chung, Tsing Yi, Tsuen Wan, Tuen Mun at Yuen Long)	6/F, Tsuen Wan Government Offices 38 Sai Lau Kok Road Tsuen Wan, New Territories

Sha Tin Office (para sa mga kaso sa Sha tin, Tai po, Fanling at North District)	Room 239, 2/F, Sha Tin Government Offices 1 Sheung Wo Che Road Sha Tin, New Territories
Fatal Cases Office	Room 601, 6/F, Harbour Building 38 Pier Road, Central, Hong Kong

Homepage: www.labour.gov.hk

Hotline: **2717-1771** (ang hotline ay nasa 1823)

Paghahanap ng trabaho

Kung kayo ay isa nang residente ng Hong Kong at makakapagtrabaho na sa Hong Kong sa ilalim nang batas, maaari kayong bumisita saan mang Job Center ng Labour Department upang makapaghanap ng mga trabaho. Maaari ka nilang bigyan ng walang bayad na mga sumusunod na serbisyo:

- Serbisyong pagre-refer sa trabaho: Makakapili kayo mula sa mga nakapaskil na bakante o sa pamamagitan ng mga computer na self-service touch-screen at humingi ng tulong mula sa kawani sa counter para sa mga referral para sa mga interbyu sa trabaho.
- Ang mga dulugan para sa mga mapagkukunan, mga espesyal na counter at maiiksing usapan upang ma-employo: Ang mga ito ay makikita sa lahat ng mga Job Centre upang matulungan ang mga naghahanap ng trabaho na nangangailangan na mas malinaw na maintindihan ang lokal na sitwasyon sa merkado ng trabaho. Matatalakay din ninyo ang inyong mga pangangailangan sa pagka-employo sa isang opisyal para sa pagka-employo na makakapagpayo sa inyo kaugnay ng mga teknik para sa paghahanap ninyo ng trabaho, makakapagbigay sa inyo ng impormasyon tungkol sa merkado ng trabaho at mga kursong may kaugnayan sa pagsasanay/muling pagsasanay at/o magsasagawa ng pagtatasa sa kakayahan sa pagtatrabaho kung naaangkop.
- Pantanging programa sa pagtatrabaho: Maaaring lumahok ang mga naghahanap ng trabaho sa pantanging programa sa pagtatrabaho na pinangungunahan ng Labour Department na kinabibilangan ng pagsasaayos ng mga pagsubok sa paggawa sa tunay na mga trabaho. Maaari kayong makipag-usap sa isang opisyal sa pag-employo upang malaman kung ang mga programang ito ay angkop sa inyong mga pangangailangan.
- Serbisyong telephone employment (2969-0888): Ito ay serbisyong madaling gamitin para sa mga nagpaparehistro na maaaring makakuha ng mga referral trabaho sa pamamagitan ng telepono, sa halip na bumisita sa mga Job Centre.

Makakapag-akses kayo ng malaking data bank ng Labour Department sa mga bakanteng trabaho na ibinigay ng mga lokal na employer kailanmang panahon o saan mang lugar sa pamamagitan ng Interactive employment service website (<http://www.jobs.gov.hk>) nito o ng mobile application nito. Makakapunta rin kayo sa webpage na inilaan para sa mga naghahanap ng trabaho na etnikong minorya (<http://www.jobs.gov.hk/EM>) upang matingnan ang mga pinakahuling bakanteng trabaho na mas konting Chinese lamang ang kinakailangan at upang makakuha ng iba pang impormasyon ukol sa pagka-empleyo.

Ang Labour Department ay nakapagtatag na ng tatlong Recruitment Centre na nakabatay sa industriya na nag-oorganisa ng mga piyesta ng trabaho sa buong taon. Kung kayo ay interesado na ma-empleyo sa mga industriya ng catering, pagtitingi o konstruksyon, maaari kayong pumunta sa mga pinakahuling piyesta ng trabaho na nagbibigay ng mga impormasyon sa mga Job Centre, sa internet (<http://www.jobs.gov.hk>) o sa mobile application nito, o tumawag sa mga Recruitment Centre upang makapagpareserba ng appointment para sa mga on-the-spot na interbyu sa trabaho kasama ang mga nagre-rekrut na employer.

Ang address at mga numero ng telepono ng mga Job Centre at mga Recruitment Centre na nakabatay sa industriya ay ang mga sumusunod:

HONG KONG ISLAND

Hong Kong East Job Centre 34/F, Revenue Tower, 5 Gloucester Road Wan Chai, Hong Kong	2591-1318
Hong Kong West Job Centre 4/F, Western Magistracy Building 2A Pokfulam Road, Sai Ying Pun, Hong Kong	2552-0131
North Point Job Centre 12/F, North Point Government Offices 333 Java Road, North Point, Hong Kong	2114-6868
Recruitment Centre for the Catering Industry G/F, Revenue Tower, 5 Gloucester Road Wan Chai, Hong Kong	2594-7800
Recruitment Centre for the Retail Industry G/F, Revenue Tower, 5 Gloucester Road Wan Chai, Hong Kong	2594-7833

KOWLOON

Kowloon East Job Centre 1/F, Trade and Industry Tower 3 Concorde Road, Kowloon	2338-9787
Kowloon West Job Centre 9/F, Cheung Sha Wan Government Offices 303 Cheung Sha Wan Road, Kowloon	2150-6397
Kwun Tong Job Centre 10/F, Kowloon East Government Offices 12 Lei Yue Mun Road, Kwun Tong, Kowloon	2342-0486
Construction Industry Recruitment Centre 1/F, CIC Kowloon Bay Training Centre 44 Tai Yip Street, Kowloon Bay, Kowloon	3428-3303

NEW TERRITORIES

Sha Tin Job Centre 2/F, Sha Tin Government Offices 1 Sheung Wo Che Road, Sha Tin, NT	2158-5553
Sheung Shui Job Centre Units 2001-2006, Level 20, Landmark North 39 Lung Sum Avenue, Sheung Shui, NT	3692-4532
Tai Po Job Centre 3/F, Tai Po Government Offices 1 Ting Kok Road, Tai Po, NT	2654-1429
Tsuen Wan Job Centre 2/F, Tsuen Wan Government Offices 38 Sai Lau Kok Road, Tsuen Wan, NT	2417-6197
Tuen Mun Job Centre G/F, Victory Building 3 Tsing Min Path, Tuen Mun, NT	2463-9967
Tung Chung Job Centre Unit 211A, 2/F, Yat Tung Shopping Centre Yat Tung Estate, Tung Chung, Lantau Island, NT	3428-2943
Employment in One-stop Unit 401, 4/F, Tin Ching Amenity and Community Building Tin Ching Estate, Tin Shui Wai, NT	3692-5750

Telephone Employment Service Hotline: **2969-0888**

Interactive Employment Service Website: <http://www.jobs.gov.hk>

Para sa mga dayuhang domestic helper

Mga kondisyon sa pagtatrabaho

Ayon sa batas, dapat kang magtrabaho sa isang espesipikong employer sa tiyak na posisyon at lugar sa loob ng panahon nakasaad sa kontrata ng pagtatrabaho.

Babala:

Walang imported na manggagawa o banyagang domestic helper sa Hong Kong ang magkakaroon ng hindi aprubadong full-time o part-time na trabaho. Ang mga lalabag ay maaaring pagmultahin at ibilanggo. Maaari rin silang paalisin sa Hong Kong.

Kung hihilingan ka ng iyong employer na gumawa ng gawain na hindi pambahay o trabaho sa ibang lugar na hindi ang nakasaad na address, hindi mo dapat ito gawin. Ito ay labag sa batas, at kayo pati na ang inyong employer ay parehong managot sa prosekusyon. Ang tanging trabaho na pinahihintulutan kang gawin ay ang mga trabaho lang na nakasaad sa iyong kontrata. Kapag pinilit ka ng iyong employer na gawin ang ibang trabaho, sabihin sa Investigation Division ng Immigration Department.

Mga employment agency

Maaari kayong magbayad ng komisyon sa isang employment agency matapos itong magtagumpay na maihanap kayo ng isang trabaho, pero ang komisyon ay hindi dapat na mas higit pa sa 10% ng inyong unang buwang sahod pagkatapos na tagumpay kayong mailagay sa trabaho. Gayundin, siguruhing ang mayari ng employment agency ay may lisensya o “Certificate of Exemption” mula sa Commissioner for Labour. Maaari ninyong malaman kung ang isang employment agency ay may hawak na isang balidong lisensiya sa Employment Agency Portal (<http://eaa.labour.gov.hk>)

Kung sa palagay mo ang iyong employment agency ay hindi lisensyado o siningilan ka ng labis, tumawag sa Employment Agencies Administration ng Labour Department sa **2115 3667**. Ang mga report ay maaari ring gawin sa pamamagitan ng pagsulat sa:

Employment Agencies Administration, Labour Department

Unit 906, 9/F., One Mong Kok Road Commercial Centre, 1 Mong Kok Road, Kowloon

Payo:

- Huwag lumagda sa anumang dokumento, kasunduan o kontrata kung hindi ka sang-ayon sa mga kondisyon o kung hindi ka sigurado sa kung ano ang ibig sabihin ng mga ito.
- Huwag lumagda para sa suweldo na hindi mo natanggap.
- Humingi ng resibo pagkatapos magbayad ng komisyon sa ahensya.
- Huwag magbayad sa ahensya sa pamamagitan ng third party.
- Huwag magbayad sa ahensya sa pamamagitan ng paghiram ng pera mula sa alinmang kompanyang nagpapautang ayon sa kahilingan ng ahensya.
- Huwag hayaan ang agency na kuhanin ang inyong pasaporte at iba pang mga personal na dokumento.

Kung nararamdaman mong ginagawan ka ng mali ng agency o ng middleman, pumunta sa pulis at ireport ang insidente. O kaya naman, tumawag sa:

Information and Liaison Section, Immigration Department

2/F, Immigration Tower, 7 Gloucester Road, Wan Chai, Hong Kong

Tel: **2824-6111**

Babala:

Huwag ibigay ang iyong pasaporte sa sinumang mag-aalok ng tulong para i-extend ang iyong pananatili o palitan ang iyong employer, kahit pa sa mga kaibigan. Sa nakalipas, ang ilang mga domestic helper ay naluko ng mga “kaibigan” na gustong manatili nang ilegal sa Hong Kong.

Karapatan ng mga dayuhang domestic helper

Ang iyong pangunahing mga benepisyo at karapatan sa trabaho bilang dayuhang domestic helper ay ang mga nakasaad sa kontrata sa pagtatrabaho. Mayroon lang isang standard na opisyal na kontrata sa pagtatrabaho para sa lahat ng mga dayuhang domestic helper (anuman ang nasyonalidad) sa Hong Kong, na makukuha sa Foreign Domestic Helpers Section ng Immigration Department. Ang sample nito ay maaari ring i-download sa www.immd.gov.hk.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa inyong sahod, mga karapatan at benepisyo sa pagka-empleyo sa ilalim ng batas, kumuha ng libreng kopya

ng “The Do’s and Don’ts leaflet for foreign domestic helpers, employers and employment agencies”, “A Concise Guide to the Employment Ordinance”, “Practical Guide for Employment of Foreign Domestic Helpers – What Foreign Domestic Helpers and Their Employers Should Know”, “A Concise Guide to the Employees’ Compensation Ordinance” mula sa Labour Department o bisitahin ang inilaang one-stop online na FDH Portal sa <http://www.fdh.labour.gov.hk/>.

Pag-iingat ng pasaporte at iba pang mga dokumento sa paglalakbay

Labag sa batas na ang inyong employer o agency ay puwersahin kayo na isuko ang inyong pasaporte at iba pang mga personal na dokumento. Kailangang tanghian ninyo ang kanilang kahilingan o mungkahi. Kung pupwersahin kayo ng employer o agency na isuko ang inyong pasaporte, kontakin ang Pulisya o ang inyong Consulate para sa tulong.

Ano ang mga benepisyo ko sa ilalim ng batas at kontrata sa pagtatrabaho?

All foreign domestic helpers are entitled to:

- Buwanang suweldo – ang dayuhang domestic helper na nakatira sa bahay na pinagtatrabahuhan ay dapat tumanggap ng buwanang suweldo na hindi bababa sa minimum allowable wage (MAW) na itinakda ng Pamahalaan. Ang mga banyagang domestic helper na ang mga employer ay dati nang nakakuha ng pag-apruba ng Direktor ng Imigrasyon na hayaan ang kanilang mga katulong na sa labas manirahan ay karapat-dapat din, mula 1 May 2011 pasulong, sa mga sahod sa isang antas na hindi na bababa pa sa kasalukuyang umiiral na antas ng SMW;
- Mga araw ng pahinga – hindi bababa sa isang araw na pahinga para sa bawat pitong araw; ang araw ng pahinga ay tuluy-tuloy nang hindi bababa sa 24 oras;
- Mga araw na walang trabaho ayon sa batas – 12 araw sa isang taon;
- May bayad na taunang bakasyon – pitong araw na may bayad na pahinga kung nagtrabaho ka para sa iyon ding employer nang hindi bababa sa 12 buwan; ito ay tataas nang tataas depende sa haba ng serbisyo hanggang sa maximum na 14 araw;
- Home leave – kailangang bumalik kayo sa inyong pinagmulang lugar, ang halaga ng pamasahe ay sasagutin ng inyong employer, para sa isang bakasyon na hindi na bababa pa sa pitong araw bago ang simula ng isang bagong kontrata. Dapat kayong magkasundo ng iyong employer bago lumagda sa kontrata kung babayaran ba o hindi ang bakasyong ito;

- Allowance sa pagkakasakit – ang pang-araw-araw na rate ay isang kabuuan na katumbas ng apat ng limang bahagi (four-fifths) ng average ng suweldo sa isang araw para sa sick leave na hindi bababa sa apat na sunud-sunod na araw, basta mayroon ka nang sapat na naipong bilang ng may bayad na araw ng pagkakasakit at ang iyong pahinga dahil sa pakakasakit ay sinusuportahan ng angkop na medikal na sertipiko;
- Pahinga para sa pagbubuntis (maternity leave) – 10 linggong pahinga para sa isang babaing dayuhang domestic helper na nagtatrabaho ng hindi bababa sa apat na linggo bago simulan ang pahinga ng pagbubuntis. Kailangang magbigay kayo ng pabatid sa inyong employer kaugnay ng pagbubuntis. Magiging karapat-dapat din kayo sa bayad para sa maternity leave, pang-araw-araw na antas na katumbas ng apat-kalima ng kainamang pang-araw-araw na mga sahod kung makakatugon kayo sa ilang mga kondisyon;
- Paternity leave – tatlong araw na leave para sa isang lalaking banyagang domestic helper na na-empleyo sa loob nang hindi na bababa pa sa apat na linggo agad-agad bago ang pagsisimula ng paternity leave. Kailangang kayo ang ama ng bagong silang na bata o magiging ama at nakapagbigay ng kaukulang pasabi sa employer. Magiging karapat-dapat din kayo sa sahod para sa paternity leave, isang pang-araw-araw na antas na katumbas ng apat-kalima ng kainamang mga sahod kung makakatugon kayo sa ilang mga kondisyon;
- Kabayaran para sa pagkatanggal – katumbas ng dalawang-katlo ng inyong huling buwang mga sahod para sa bawat taon ng serbisyo kung makakatugon kayo sa ilang mga kondisyon;
- Kabayaran para sa mahabang serbisyo – katumbas ng dalawang-katlo ng inyong mga huling buwang sahod para sa bawat taon ng serbisyo kung makakatugon kayo sa ilang mga kondisyon;
- Bayad sa aksidente / pinsala – kung makaranas ka ng pinsala o mamatay dahil sa isang aksidente (o ng napatunayang pagkakasakit sa trabaho) na nangyari habang papaalis o habang nasa trabaho ka, ang iyong employer sa pangkalahatan ang sasagot sa lahat ng babayaran sa ilalim ng Employees Compensation Ordinance (Cap. 282);
- Benepisyong medikal – responsibilidad ng employer ang mga gastusing medikal na magagastos ninyo sa panahon ng kontrata. Pero kapag umalis kayo ng Hong Kong nang kusa at para sa inyong pansariling kadahilanang personal sa panahon ng kontrata, kailangang kayo ang umako sa sarili ninyong mga gastusing medikal. Libreng pamasaha - dapat bigyan ka ng iyong employer ng libreng pamasaha mula sa pinanggalingan mong bansa papuntang Hong Kong at, sa katapusan o sa pag-expire ng iyong kontrata, libreng pamasaha pabalik sa pinanggalingan mong bansa, gayundin ang

pang-araw-araw na pagkain at allowance sa paglalakbay sa parehong kalagayan;

- Pagkain – Bibigyan kayo ng libreng pagkain, kung pipillin ng inyong employer, ng allowance para sa pagkain sa pagsasaalang-alang ng panahon ng pagka-empleyo.

Pakisuyong tingnan ang Employment Ordinance, ang Minimum Wage Ordinance (kung naaangkop) at ang Employees' Compensation Ordinance para sa mga detalyadong batas ng mga benepisyo sa pagtatrabaho.

Pagtapos sa kontrata sa pagtatrabaho

1. Maaari ba akong magpalit ng ibang uri ng trabaho?

Ang pagbabago ng trabaho ay nangangailan ng pag-apruba ng Director of Immigration. Kung kayo ay isang banyagang domestic helper, hindi kayo pinahihintulutang palitan ang inyong trabaho ng ibang kategoriya (hindi banyagang domestic helper). Kung gusto mong gawin ang pagbabagong ito, dapat kang bumalik sa bansang pinanggalingan mo at mag-file ng bagong aplikasyon para sa bagong (non-foreign domestic helper) employment visa.

2. Maaari ko bang palitan ang aking mga employer?

Ang aplikasyon para sa pagpalit ng mga employer sa Hong Kong sa loob ng dalawang-taong kontrata, bilang panuntunan, ay hindi aaprubahan. Kapag ang dayuhang domestic helper ay nagnanais na kumuha ng bagong trabaho sa isang bagong employer sa Hong Kong, siya ay dapat bumalik sa pinanggalingang lugar at mag-apply ng angkop na visa nang direkta sa Director of Immigration ito man ay sa pamamagitan ng pagliham o ng kaniyang employer.

Kung nawalan ka ng trabaho bago makumpleto ang iyong kontrata (“premature termination”), maaaring isaalang-alang ng Immigration Department na pahintulutan kang magpalit ng employer sa Hong Kong dahil sa pambihirang pangyayari, tulad ng pandarayuhan, external transfer, pagkamatay o kahirapan sa pinansyal ng iyong employer o kung may ebidensyang inabuso ka ng iyong employer.

Pagtapos ng kontrata sa pagtatrabaho

1. Sino ang maaaring mag-terminate ng kontrata?

Kung gusto ninyong tapusin ang inyong kontrata sa pagka-empleyo bago ito mawalan ng bisa, sa ilalim ng mga normal na kaganapan ayon sa tinukoy sa kontrata ng pagka-empleyo kayo ay kailangang magsabi sa inyong employer ng isang buwang pabatid sa isang sulat, o magbayad ng isang buwang mga sahod sa pagsasaalang-alang ng pabatid.

Kung gusto ng inyong employer na tapusin ang inyong kontrata bago ito mawalan ng bisa o bayadan ang isang buwang mga sahod sa pagsasaalang-alang ng pabatid. Ang inyong employer, gayunpaman, ay maaaring magtanggali sa inyo agad-agad nang walang pabatid o bayad sa pagsasaalang-alang ng pabatid kung kayo ay:

- sadyang hindi sumunod sa isang utos na ayon sa batas at makatwiran;
- nakagawa ng maling paggawi;
- nagkasala ng pandaraya o panlilinlang; o
- palagiang nagpapabaya sa iyong mga tungkulin.

2. Ano ang gagawin ko kung na-terminate ang kontrata ko sa pagtatrabaho?

Kung ang iyong kontrata ay tinapos nang wala sa panahon, ikaw ay pinapayagang manatili sa Hong Kong ng dalawang linggo o hanggang sa limit ng pananatili mo (petsang nakasaad sa landing slip), alinman ang mauna. Karaniwan itong kilala bilang “two-week rule” o “patakarang pang-dalawang linggo). Tandaan na kailangan ninyong lisanin ang Hong Kong o mag-report sa Immigration Department bago ang katapusan ng panahong ito; kung hindi, ituturing kayo na isang lumampas na sa panahon o isang “overstayer”. Responsibilidad ng PAREHONG employer at banyagang domestic helper na pasabihan ang Direktor ng Immigration sa isang sulat sa loob ng pitong araw ng kontrata sa pagka-empleyo ukol sa maagang pagtapos.

Karapat-dapat kayo sa libreng pag-uwi sa pagtatapos ng inyong kontrata at sa pang-araw-araw na pagkain at allowance sa pagbiyahe mula sa inyong employer sa pagbalik ninyo sa inyong tahanan.

Kung may mga tatanggapin ka pang bayad at tumanggi ang iyong employer na magbayad, dapat kang maghabol sa Labour Department. Kapag lumapit sa Immigration Department tungkol sa iyong pananatili sa Hong Kong, dapat kang magbigay ng mga dokumentong ibinigay ng Labour Department para ipakitang may kinukuha kang claim ng inaasikaso ng Labour Department.

Pakisuyong tandaan na ang Immigration Department ay hindi nagpapahintulot sa dayuhang domestic helper na ang kontrata ay natapos na na kumuha ng employment maliban kung inaprubahan ng Director of Immigration habang mayroon kang labour claim.

Masamang pagtrato, pisikal o sekswal na pag-abuso

Sa Hong Kong, ang pag-abuso sa mga manggagawa, domestiko o hindi, ay hindi kinukunsinti. Kung hindi naging maganda ang pagtrato sa inyo, nakaranas kayo ng pisikal o sekswal na pang-aabuso, karapat-dapat na tapusin ninyo agad-agad ang kontrata nang walang pabatid dahil dito. Sa isang emergency ay kailangan din ninyong iulat ang kaso sa Pulisya sa pamamagitan ng pagtawag sa **999**, sa Police Hotline sa **2525-7177** o sa numero ng anumang Police Station ayon sa nakalista sa Chapter 10.

Tulong mula sa ibang mga organisasyon

Pondo ng Sapilitang Pag-iimpok (Mandatory Provident Fund o MPF)

Kung isa kang empleyado o may sariling trabaho o negosyo, ang Sistemang MPF ay nagpapahintulot sa iyong mag-ipon para sa iyong pagreretiro. Maliban sa mga taong libre sa obligasyon, ang mga empleyado at mga taong may sariling trabaho o negosyo na may edad na 18 hanggang 64 ay kailangang sumali sa MPF scheme. Ang mga sumusunod ay mga taong libre mula sa obligasyon na hindi kinakailangang sumali sa MPF scheme -

- Mga empleyado sa bahay;
- Mga may pansariling trabaho na paglalako;
- Mga sakop ng pensyon ayon sa batas o ng mga provident fund scheme;
- Mga miyembro ng mga scheme sa pagreretirong mula sa pagtatrabaho na pinagkakalooban ng pagiging libre sa obligasyon mula sa mga MPF na kinakailangan;
- Mga tagaibang bansang pumasok sa Hong Kong para magtrabaho o pansariling trabaho sa loob ng hindi lalampas sa 13 buwan, o ang mga miyembro ng mga scheme na pagreretiro sa ibang bansa; at
- Mga empleyado ng European Union Office ng European Commission sa Hong Kong.

Kung isa kang empleyado, dapat kang ipalista ng iyong employer sa isang MPF scheme na pipiliin niya sa loob ng 60 araw ng iyong pagtatrabaho. Maaari kang pumili mula sa mga constituent fund na iniaalok sa ilalim ng napiling scheme.

Kung hindi kayo pipili, ang mga kontribusyong MPF mula sa inyo at sa inyong employer ay awtomatikong ilalagak alinsunod sa Default Investment Strategy.

Ikaw at ang iyong employer ay kinakailangang magbigay ng mga sapolitang kontribusyon sa basehang 5% ng may-kaugnayang kita. Sumasailalim ang mga sapolitang kontribusyon ng isang empleyado sa minimum at maximum ayon sa batas na mga antas ng kita, habang sumasailalim naman ang mga sapolitang kontribusyon ng isang employer sa isang maximum na ayon sa batas na nauugnay na antas ng kita.

Sa oras na magbayad ang employer ng iyong mga kontribusyon at ng kaniyang mga kontribusyon para sa iyo sa nauugnay na MPF scheme, ang sapolitan bahagi ng mga kontribusyon at anumang investment return na nakuha ay buo at agad-agad na ilalagay sa pangalan mo. Maaari ninyong kuhanin ang anumang naipong mga benepisyo sa inyong MPF Scheme sa kabuuan o nang hulugan kapag narating ninyo ang edad ng pagreretiro na 65, o kung matugunan ang iba pang mga dapat mangyaring tinukoy ng batas, tulad ng maagang pagreretiro sa edad na 60, permanenteng pag-alis mula sa Hong Kong, pagkamatay, sakit na nakamamatay, pangkabuuang kawalan ng kakayahan at maliit na balanse sa account.

Sa ilalim ng Employee Choice Arrangement, maaari kang magpasyang ilipat ang bahagi ng empleyado sa mga sapolitang kontribusyon at investment return tungo sa account ng kontribusyon ng kasalukuyan mong trabaho sa isang MPF scheme na iyong pinili sa kabuuang halagang basehan minsan sa isang taon ng kalendaryo.

Kung isa kang self-employed, kinakailangan mo ring magpalista sa isang MPF scheme at magbigay ng kontribusyon na 5% ng may-kaugnayan mong kita, na sumasailalim sa minimum at maximum na ayon sa batas ng nauugnay na mga antas ng kita. Makakapili ka mula sa mga constituent fund sa ilalim ng napiling scheme at maaari mong ilipat ang mga kontribusyon at investment return saiba pang scheme kahit kailan.

Para sa mga detalye tungkol sa MPF, maaari kang bumisita sa website ng Mandatory Provident Fund Schemes Authority sa www.mpfa.org.hk o makipag-ugnayan sa mga opisina nto:

Level 8, Tower 1 Kowloon Commerce Centre 51 Kwai Cheong Road Kwai Chung	Level 25, Tower 1 Millennium City 1 388 Kwun Tong Road Kwun Tong, Kowloon
Room 1201-1207 Nan Fung Tower 88 Connaught Road Central Sheung Wan	

Hotline: **2918-0102**

Fax: 2259-8806

E-mail: mpfa@mpfa.org.hk

Bokasyonal at nagpapatuloy na edukasyon

1. Edukasyong bokasyunal at propesyunal at pagsasanay

Ang Vocational Training Council (VTC) ay isang organisasyong gumagawa ng batas na itinatag sa ilalim ng VTC Ordinance (Cap. 1130) noong 1982 upang payuhan ang Chief Executive ukol sa probisyon ng isang komprehensibong edukasyong bokasyunal at propesyunal at Sistema ng pagsasanay upang mabagayan ang mga pangangailangan ng Hong Kong.

Ang VTC ay nagbibigay ng pagsasanay at edukasyong propesyunal at bokasyunal sa pamamagitan ng mga institusyong miyembro nito kabilang ang Technological and Higher Education Institute of Hong Kong (THEi), Institute of Professional Education And Knowledge (PEAK), School for Higher and Professional Education (SHAPE), Hong Kong Institute of Vocational Education (IVE), Hong Kong Design Institute (HKDI), Pro-Act by VTC, International Culinary Institute (ICI), Hotel and Tourism Institute (HTI), Chinese Culinary Institute (CCI), Maritime Services Training Institute (MSTI), Youth College (YC), Integrated Vocational Development Centre (IVDC) at Shine Skills Centre. Nagbibigay ito ng halos 250,000 na mga lugar para sa pagsasanay bawat taon, nagbibigay sa mga tao na may iba't ibang lebel ng edukasyon ng mga pang-bago ma-employo at nasa serbisyo na, na mga edukasyong bokasyunal at propesyunal at mga programang pagsasanay, kabilang ang mga programang para sa Degree, Higher Diploma, Diploma at Certificate para sa mga umalis sa senior secondary school, mga programang pagsasanay na in-service, mga

programang pagsasanay para sa mga walang trabahong kabataan at pagsasanay para sa mga aprentis.

Mga Tanong: **2836-1000**; Website: www.vtc.edu.hk

2. Pagsasanay na teknikal

Ang Construction Industry Council (ang Council) ay isang organisasyong itinatag ng batas sa ilalim ng Construction Industry Council Ordinance (Cap. 587).

Ang Council ay nagbibigay ng pagsasanay sa pamamagitan ng kanyang miyembrong organisasyon, ang Hong Kong Institute of Construction (HKIC). Nagbibigay ito ng pagsasanay para sa mga bata pa at sa mga nasa hustong gulang na, na maging mga sanay na craftsman, mga operator at mga superbisor ng planta / teknisyen. Gayundin, ang HKIC ay nagbibigay din ng mga kurso upang mapahusay ang kasanayan, mapaigting ang kaligtasan, mapaganda ang teknolohiya at mga kursong may kaugnayan sa pangangasiwa sa mga in-service na tauhan ng konstruksyon. Ang HKIC ay nagpapatakbo ng tatlong kampus at 11 lugar para sa pagsasanay.

Dagdag pa sa pagbibigay ng mga kursong pagsasanay, ang Council ay nagsasagawa ng mga pagsusuri upang matasa ang mga antas ng kakayahan ng mga manggagawa sa konstruksyon at gayundin ng mga pagsusuri para sa sertipikasyon ng mga operator ng planta ng konstruksyon. Nakikipagkolaborasyon din ang Council sa industriya sa pagsasanay ng mga bagong salta sa pamamagitan ng iba't ibang mga Collaborative Training Scheme sa batayang “first-hire-then-train”.

Mga Tanong: **2100-9000**; Website: www.cic.hk & www.hkic.edu.hk

Ang Clothing Industry Training Authority (CITA) ay nagpapatakbo ng dalawang training centre upang magbigay ng mga full-time at part-time na kurso sa antas ng pagkakaroon ng diploma o mas mataas at upang magbigay ng mga serbisyo ng konsultasyong pampropesyonal at suportang teknikal. Ang misyon nito ay ang tulongan ang industriya ng damit na pahasayin ang pangglobong pagkakumpetitibo nito sa pamamagitan ng paggamit ng “industry-led approach” upang epektibong mapalakas ang mga serbisyo nito sa:

- pagsasanay at pagpapaunlad ng mga propesyonal para sa pangasiwaan at panteknikal;

- pagtataguyod ng mga matatalinong kasanayang pangkomersiyo, gayundin ang mga programa sa pagiging produktibo at pagpapahusay sa kalidad; at
- pagpapadali sa paggamit ng information technology.

Mga Tanong: **2263-6300**; Website: www.cita.org.hk

3. Employees Retraining Board

Ang Employees Retraining Board (ERB) ay isang independyenteng lupong ayon sa batas na itinatag noong 1992 sa ilalim ng Employees Retraining Ordinance. Ang pangunahing tungkulin ng ERB ay ang pag-ugnayin, pondohan at subaybayan ang mga kurso at serbisyo sa pagsasanay. Ang mga target ng serbisyo nito ay ang mga edad 15 o higit pa na may naabot sa edukasyon na sub-degree o mas mababa.

Ang ERB ay nagtalaga ng humigit kumulang na 90 mga organisasyong tagapagsanay sa halos 400 sentro ng pagsasanay upang magbigay ng mga kursong pagsasanay na naaayon sa takbo ng merkado at nakatuon sa pag-eempleyo at mga serbisyong tutugon sa mga pangangailangan ng iba't ibang mga tinatarget na serbisyo, kabilang ang mga karapat-dapat na empleyado sa Hong Kong na hindi Chinese ang pinagmulan, nang may pagsasaalang-alang sa pag-aangat ng mga oportunidad nila sa trabaho sa pamamagitan ng mga pagbibigay ng mga pagsasanay at mga serbisyong para sa pag-eempleyo.

Ang ERB ay nagbibigay ng parehong kursong pagsasanay na full-time at part-time sa mga karapat-dapat na aplikante. Ang mga nagsasanay na wala pang trabaho na matagumpay nang nakapagkumpleto ng mga kursong placement-tied ay karapat-dapat para sa allowance para sa muling pagsasanay, mayroon ding ibinibigay na mga serbisyong kaugnay ng pagpa-follow-up ng paglalagay sa trabaho upang matulungan ang mga graduate na ito na magkaroon ng mga trabaho at masustena sa pagka-empleyo.

Pakibisita ang www.erb.org o tumawag sa ERB hotline sa **182-182** para sa iba pang mga detalye.